All About Young Children
Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

8 buwan *hanggang* 18 buwan

MGA PARAAN NG PAG-AARAL

Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

Panimula ng Mga Paraan sa Pagkakatuto

Ang mga bata ay nakakakuha ng maraming kakayahan na tumutulong sa kanila na matuto at lumutas ng mga problema. Kabilang sa mga kakayahang ito ay ang kakayahan na makapagtuon ng pansin, kahit pa may mga pang-agaw ng pansin, upang magmasid, upang magtanong, upang kumalap ng mga impormasyon at tumuklas ng iba't-ibang paraan upang lumutas ng mga problema. Ang mga kakayahang ito ay tinatawag na paraan ng pagkakatuto.

Ang mga bata ay natututo na gumamit ng mga konsepto ng matematika tulad ng mga numero, hugis, at laki kapag lumulutas ng mga problema. Ginagamit nila ang lahat ng kanilang pandamdam upang kumalap ng mga impormasyon, punahin ang mga kaibahan at pagkakapareho, at madalas ay naghahambing. Marahan nilang pinagmamasdan ang mga tao at mga bagay at bumubo ng palagay o hypotheses at gumagawa ng prediksyon base sa kanilang mga pagmamasid. Sila din ay gumagawa ng mga simpleng eksperimento at tinatantiya ang kalalabasan ng kanilang mga eksperimento.

Ang mga bata ay natural na mausisa. Maaaring himukin ng mga matatanda ang pagiging mausisa ng mga bata at pagkukusa sa pagtanong sa mga bata ng mga tanong na maaari nilang sagutin nang mahaba at di lang isang salita, ang pagtugon agad sa kanilang mga katanungan, at sa pagbigay ng maraming uri ng mga materyal para tumuklas. Ang mga naturang suporta ang nagpapalakas ng lumalalim ng kumpiyensa ng mga bata bilang nag-aaral at pagkusa na ipagpatuloy ang paglutas ng nakakahamon na mga problema.

© Copyright 2013, California Department of Education.

Governor's State Advisory Council
on Early Learning and Care

Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

MGA PARAAN NG PAG-AARAL

Panimula

Anong mga kakayahan ang ginagamit ng mga maliliit na bata upang lutasin ang mga problema?

Ang isang mahalagang kakayahan sa paglutas ng problema na nabubuo ng mga sanggol at paslit ay ang kakayahan na magbigay ng atensyon sa mga bagay na interesado sila, kahit na may mga nakagugulo. Halimbawa, ang mga batang sanggol ay maaring tumingin sa mga mata ng kanyang miyembro ng pamilya habang may tumutugtog na musika. Ang mas may edad na bata ay maaaring magpatuloy sa pag salansan ng ilang mga bloke kahit na may aayos na labada sa tabi niya. Ang kakayahang ito na pag-isipang mabuti ang isang bagay ay nakatutulong sa kanila na magmasid, mangalap ng impormasyon, bumuo ng kanilang mga karanasan sa pag-aaral at humanap ng mga solusyon sa mga problema.

- *Ang mga paslit ay umaasa sa pamilyar na mga gawain sa paligid nila upang makatulong sa kanila na ayusin ang kanilang kaisipan at pag-uugali at ituon ang kanilang pansin.*
- *Gusto nila ng nahuhulaan at maaaring umasam ng mga paboritong awit upang awitin sa parehong paraan bawat oras (at maiinis kapag pinalitan ng isang tao ang mga salita.)*
- *Maaaring ipilit ng mga paslit na sundin ang parehong gawain sa oras ng pagtulog bawat gabi.*

Sa mga buwan na nagsisimula hanggang 18 buwan:

- *Karaniwan na binibigyang pansin ng mga paslit ang boses ng matanda kahit na may ibang mga tunog sa silid.*
- *Nakapaglalaro sila ng isang laruan o aktibidad sa isang sandali.*

Mga tip para sa pamilya na tulungan ang mga bata na ituon ang kanilang pansin:

- *Subukang magbigay ng patuloy na aktibidad sa iyong paslit. Kahit na mayroon kang abala at pabago-bagong iskedyul, maaari mo siyang tulungan na umidlip pagkatapos ng tanghalian sa maraming araw o basahan siya ng aklat bawat gabi sa oras ng pagtulog.*

  Ang di pagbago-bago ay nakakatulong sa iyong anak na matuto ng panloob na pakiramdam at para matutunan ang paghula kung ano ang susunod na mangyayari.

- *Maaari mo ring ilarawan kung ano ang mangyayari sa susunod upang tulungan ang iyong anak na maghanda para sa susunod na aktibidad.*
- *layos ang kanyang mga laruan sa mga simpleng paraan, halimbawa, isang basket para sa kanyang mga awto, isa pa para sa kanyang mga bloke at isa pa para sa kanyang mga laruang hayop.*

  Ang pag-aayos ng mga bagay-bagay ay tumutulong sa iyong anak na matuto ng pagkaka-uri-uri ng mga bagay-bagay at para malaman kung saan makikita at itatabi ang mga laruan.

- *Basahan siya ng mga aklat at awitin ang mga kilalang awitin nang paulit ulit. Habang nagugustuhan niya ang mga bagong awitin at aklat, nais din niyang balikan ang dating mga alam.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

Governor's State Advisory Council on Early Learning and Care